Tagalog – Filipino

Australian Government
Department of Education, Employment and Workplace Relations

NDCO
National Disability Coordination Officer Program

Programa ng Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan

Ang Programa ng Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan ay gumagamit sa buong Australya ng network na may 31 opisyal upang makapagbigay ng mga serbisyong pang-impormasyon, koordinasyon at reperal sa mga may-kapansanan na naghahanap ng (o naka-enrol sa) ibayong edukasyon matapos ang pag-aaral (post-school) at pagsasanay upang makakuha ng trabaho.

Ang Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan ay tutulong rin sa pag-uugnay ng mga sektor ng edukasyon, pagsasanay at trabaho, upang ang mga may-kapansanan ay matulungan sa lahat ng antas.

Nauunawaan ng Pamahalaan ng Australya ang mga hamong kinakaharap ng mga may-kapansanan at kinikilala ang halaga ng suporta sa mga transisyon upang matulungan ang mga may-kapansanan na makilahok nang lubos sa edukasyon, pagsasanay at trabaho.

Ang $18.3 milyong Programa na Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan (NDCO) ng Pamahalaan ng Australya ay tututok sa mga hadlang na kinakaharap ng mga may-kapansanan sa pagkuha, at matagumpay na pagtatapos, ibayong edukasyon matapos ang pag-aaral at pagsasanay, sa pamamagitan ng malawakang-saklaw na pambansang network ng 31 Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan.

Ano ang Programang NDCO (Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan)?

Ang programang NDCO ay tumutulong sa koordinasyon at paghahatid ng mga serbisyong transisyon sa buong Australya para sa mga may- kapansanan na pumapasok, o papasok, sa mataas na paaralan, unibersidad o bokasyonal na edukasyon at pagsasanay.

Ang mga layunin ng programang NDCO ay:

- Mapagbuti ang mga transisyon na tutulong sa mga may-kapansanan mula sa paaralan o komunidad tungo sa ibayong edukasyon matapos ang pag-aaral at pagsasanay at sa kahihinatnang trabaho.
- Dagdagan ang partisipasyon ng mga may- kapansanan sa mas mataas na edukasyon, bokasyonal na edukasyon at pagsasanay at trabaho.
- Magtatag ng mas mabuting ugnayan sa pagitan ng mga paaralan, unibersidad, TAFE, tagabigay ng pagsasanay, nagpapatrabaho at tagabigay ng serbisyo sa may-kapansanan upang sila ay sama-samang makapagbigay ng pinakamabuting magagawang tulong sa mga may-kapansanan.

Anong mga serbisyo ang ibinibigay ng NDCO?

Ang iyong lokal na NDCO ay:

- Magbibigay sa impormasyon sa mga may- kapansanan.
- Mag-uugnay sa mga tao at organisasyon sa mga lokal na serbisyong suporta.
- Tutulong sa mga lokal na tagabigay ng edukasyon at nagpapatrabaho na magbigay ng mas mabuting mga serbisyo sa mga may-kapansanan
- Itataas ang kamalayan ng mga tagabigay ng edukasyon, nagpapatrabaho at publiko sa mga isyung kinakaharap ng mga may- kapansanan.

Sino ang makikinabang?

Ang mga may-kapansanan, kanilang pamilya, mga network ng suporta at tagabigay ng ibayong edukasyon matapos ang pag-aaral ay makikinabang sa pinagbuting koordinasyon at paghahatid ng mga serbisyong suporta.

Saan ko matatagpuan ang NDCO?

Upang mahanap ang pinakamalapit na Pambansang Koordinasyon ng Opisyal sa May-kapansanan, bisitahin lamang ang:

www.deewr.gov.au/ndco

RMIT UNIVERSITY

Ipinalabas ng NDCO Rehiyon 12 (2011)

Ang Pagpopondo ng NDCO ay mula sa Kagawaran ng Edukasyon, Trabaho at mga Relasyon sa Pinagtatrabahuhan ng Pamahalaang Australya (DEEWR)

Australian Government
Department of Education, Employment and Workplace Relations

NDCO
National Disability Coordination Officer Program